

# MAKATARUNGANG PABAHAY

## SHEET NG IMPORMASYON

Civil Rights Department
STATE OF CALIFORNIA

## PROTEKTADO KA SA ILALIM NG BATAS NG CALIFORNIA

Ang mga batas na ipinapatupad ng Departamento ng Mga Karapatang Sibil (Civil Rights Department) ay pinoprotektahan ka mula sa labag sa batas na pandidiskrimina at pangha-harass sa mga pabahay batay sa:

- Lahi
- Kulay
- Pinagmulang bansa (kabilang ang mga paghihigpit sa paggamit ng wika)
- Ninuno
- Relihiyon
- Kasarian
- Kinikilalang kasarian
- Pagpapahayag ng kasarian
- Sekswal na oryentasyon
- Estado ng kasal
- Katayuan bilang militar o beterano
- Katayuan ng pamilya (mga sambahayang may mga batang wala pang 18 taong gulang o mga buntis na indibidwal)
- Pinanggagalingan ng kita
- Mental at pisikal na kapansanan
- Henetikong impormasyon
- Edad*
- Pagkamamamayan*
- Pangunahing wika*
- Katayuan sa imigrasyon*

*Sinasaklawan ng Batas ni Unruh ukol sa Mga Karapatang Sibil (Unruh Civil Rights Act), na naaangkop sa karamihan ng mga akomodasyon sa pabahay sa California. Ang lahat ng ibang katangian ay saklaw ng Batas sa Makatarungang Trabaho at Pabahay (Fair Employment and Housing Act).

## ANG GINAGAWA NG CRD

1. Ipinatatapupad ang Batas sa Makatarungang Trabaho at Pabahay (Fair Employment and Housing Act, FEHA), ang Batas ni Unruh ukol sa Mga Karapatang Sibil (Unruh Civil Rights Act), ang Batas ni Ralph ukol sa Mga Karapatang Sibil (Ralph Civil Rights Act), ang Batas sa Mga Taong May Kapansanan (Disabled Person's Act), at ang Batas sa Pagprotekta sa Mga Biktima ng Trafficking sa California (California Trafficking Victims Protection Act)
2. Iniimbestigahan ang pangha-harass, pandidiskrimina, paghihiganti, karahasan dahil sa pagtatangi o bias, at mga reklamo tungkol sa trafficking ng tao
3. Pagtulong sa mga landlord at nangungupahan na lutasin ang mga reklamo kung saan kabilang ang mga ipinaparatang na paglabag sa mga batas na ipinapatupad ng CRD
4. Nag-uusig sa korte ng mga paglabag sa mga batas sa karapatang sibil ng California
5. Tinuturo sa mga taga-California ang tungkol sa kanilang mga karapatang sibil

## SINO ANG DAPAT SUMUNOD SA MGA BATAS NG CALIFORNIA SA MAKATARUNGANG PABAHAY

- Mga landlord
- Mga kumpanyang namamahala sa propyedad
- Mga asosasyon ng may-ari ng tahanan
- Mga awtoridad ng pampublikong pabahay
- Mga ahente ng real estate
- Mga nagbebenta ng bahay
- Mga insurer ng propyedad
- Mga bumubuo
- Mga napapautang na may mortgage
- Mga kumpanyang sumusuri sa mga nangungupahan
- Mga ahensya para sa mga sumbong ng consumer
- Iba pa

# MAKATARUNGANG PABAHAY



Civil Rights Department
STATE OF CALIFORNIA

## SHEET NG IMPORMASYON

## MGA HALIMBAWA NG DISKRIMINASYON SA PABAHAY

ANG MGA SUMUSUNOD NA HALIMBAWA NG DISKRIMINASYON SA PABAHAY AY LABAG SA BATAS KAPAG BATAY ITO SA PROTEKTADONG KATANGIANG NAKALISTA SA ITAAS:

- Pangtangging magbenta o magpa-upa ng apartment, bahay, o iba pang akomodasyong pabahay
- Pagsisinungaling na hindi available ang akomodasyong pabahay para sa inspeksiyon, pagbebenta, o pagpapaupa kahit na available pa ito
- Pagtanggi na magpautang para sa tahanan o pagtangging magbigay ng insurance para sa may-ari ng tahanan
- Probisyon ng mga mas mababang antas ng mga termino, kondisyon, pribilehiyo, pasilidad, o mga serbisyo kaugnay ng mga akomodasyong pabahay
- Sekswal na pangha-harass na kabilang ang mga hindi ninanais na sekswal na paglapit o pagsabi na kailangan ang sekswal na kilos bilang kapalit ng karapatan o pribilehiyo sa pabahay
- Pagkansela o pagtapos ng isang kasunduan sa pagbili o pagpapaupa
- Pagtanggi na payagan ang mga makatuwirang pagbabago, gamit ang pera ng nangungupahan, kapag kinakailangan dahil sa kapansanan
- Pagtanggi sa pagsasagawa ng mga makatuwirang akomodasyon sa mga patakaran, polisiya, pagsasanay, o mga serbisyo kung saan ang mga akomodasyon ay maaaring kinakailangan upang mabigyan ang isang taong may kapansanan ng oportunidad na magamit ang isang tirahan at maging maginhawa dito
- Pagkakaroon ng patakarang nagbabawal sa mga taong may kriminal na kasaysayan na umupa o manirahan sa isang yunit ng pabahay anuman ang sitwasyon.
- Mag-anunsyo o magpahayag na may pinipili o ng mga nangungupahan na may partikular na pinanggagalingan ng kita, tulad ng: “Bawal ang Seksyon 8.”

## PROTEKTADO KA MULA SA DISKRIMINASYON AT PANGHA-HARASS SA PANGUNGUPAHAN O PAGBILI NG PABAHAY

## MGA SIBIL NA REMEDYO

KAPAG NILABAG NG TAGAPAGKALOOB NG PABAHAY ANG FEHA, MAAARING KABILANG SA MGA REMEDYO ANG:

1. Pagiging available ng isang pabahay na dating ipinagkait
2. Kabayaran para sa mga pinsala at pagkabagabag ng emosyon
3. Pagsasanay at mga pagbabago sa polisiya upang mapigilan ang diskriminasyon sa hinaharap
4. Iba pang mga aksiyon upang maalis ang mga epekto ng diskriminasyon, tulad ng mga multa, pag-uulat o pagsusubaybay

## ZONING AT PAGGAMIT NG LUPA

Hindi legal para sa mga lungsod, county, o ibang ahensya ng lokal na gobyerno na magsagawa ng zoning o mga desisyon o patakaran sa paggamit ng lupa na nagdidiskrimina nang hindi legal laban sa iyo batay sa isa sa mga kategoryang nakalista sa ibaba.

## PARA MAGHAIN NG REKLAMO

**Departamento ng Mga Karapatang Sibil**
calcivilrights.ca.gov/complaintprocess
Walang Bayad: 800.884.1684
TTY: 800.700.2320
California Relay Service (711)

May kapansanang nangangailangan ng makatuwirang akomodasyon? Matutulungan ka ng CRD sa iyong reklamo.

*Para sa mga pagsasaling-wika ng gabay na ito, bisitahin ang:*

www.calcivilrights.ca.gov/posters/housing

*Ang gabay na ito ay para sa pagbibigay ng impormasyon lamang, hindi ito nagpapatupad ng substantibong patakaran o karapatan, at hindi ito maituturing na legal na abiso.*

CRD-H03P-TG / November 2022